**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**
**AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**November 19, 2020 (11:03 A.M. – 11:56 A.M.)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang umaga, Pilipinas. Anumang hagupit ng bagyo ang dumaan ang ating paghahatid serbisyo ay hindi matitinag tungo sa ating pagbangon mula sa mga kalamidad.

**USEC. IGNACIO:** Kaya naman po ngayong Huwebes, siksik na naman sa pinakamahahalagang impormasyon ang aming ihahatid sa inyo kasama po ang mga kawani ng pamahalaan. Ako po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Mula sa PCOO, ako naman po si Secretary Martin Andanar at ito ang Public Briefing #LagingHanda.

Upang sumagot sa mga tanong ng bayan, maya-maya lang ay makakasama natin sa programa sina Dr. Eric Domingo, Director General ng Food and Drug Administration; Undersecretary Ana Dione ng Department of Labor and Employment; at Isabela Governor Rodito Albano III.

**USEC. IGNACIO:** Makakasama rin natin sa paghahatid ng ulat ang mga PTV correspondents mula po sa iba't ibang probinsiya at ang Philippine Broadcasting Service.

Samantala, para naman sa inyong mga katanungan, maaari kayong mag-comment sa live streaming ng ating programa sa PTV Facebook page.

**SEC. ANDANAR:** Para alamin ang estado ng mga gagawing clinical trials sa bansa, makakausap po natin si Dr. Eric Domingo ng Food and Drug Administration. Magandang umaga po sa inyo, sir.

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Magandang umaga, Sec. Martin; magandang umaga, Usec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** Ano po ang status sa mga vaccines at isasagawang clinical trials sa bansa?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Well, sa pag-uulat po sa atin ng meeting namin kanina with DOST, medyo mga lima na po yata iyong nag-signify ng intention na maggawa ng clinical trial dito sa atin. At may isa po na actually na-endorse na ng vaccine expert panel ng DOST sa FDA, ito po iyong sa Sinovac. So ito po ay in-evaluate natin ngayon at mukhang kaunting panahon na lang naman po siguro at may mga ilang requirement na lang ang hinihingi natin sa kanila para po ma-approve natin itong clinical trial na ito. At iyon naman pong ibang mga vaccines pa

[garbled] para ma-evaluate na rin natin at mapaandar na po natin iyong final approval ng kanilang clinical trial protocol.

**SEC. ANDANAR:** Ano naman ang masasabi ninyo kaugnay sa COVID-19 vaccine frontrunners na hindi kinukonsiderang magsagawa ng clinical trials dito po sa ating bansa?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Pero hindi naman po kailangang mag-clinical trials sa Pilipinas ang isang gamot o bakuna para po magparehistro sa atin. Kaya lang siyempre po kapag magpaparehistro sila sa atin, pagkatapos hindi dito ginawa ang clinical trial, kailangan maipakita nila na iyong kanilang produkto, halimbawa iyong kanilang bakuna, ay magiging mabisa rin sa mga katulad natin 'no, kalahi natin – Pilipino o kaya Asyano. At ang produkto nila kapag dinala dito sa Pilipinas, doon po sa environment dito halimbawa, sa init dito, ay magiging stable din at hindi po siya magiging problema.

On the other hand, siyempre po iyong magki-clinical trial dito, parang may konti po silang bentahe dahil makikita talaga natin kung ano ang magiging epekto ng bakunang ito dito sa ating sitwasyon, sa atin pong kinalalagyan at saka sa mga Pilipino mismo 'no. So mayroon po siyang dagdag na advantage pero ang hindi po paggawa ng clinical trial ay hindi naman po ibig sabihin ay hindi na maaaring pumunta at magparehistro or magpa-approve dito sa Pilipinas ang isang bakuna.

**SEC. ANDANAR:** Okay, loud and clear po. So dahil diyan, ano po ang prosesong pagdadaanang ng mga vaccines bago ito mai-distribute sa publiko?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Well, unang-una po, kailangan makita natin iyong resulta ng kanilang mga clinical trials [garbled] na ang safety ay talaga pong pangunahing concern natin iyan, na wala pong mga severe side effects. Pangalawa, iyon pong efficacy; kailangan makita natin na ito ay talagang nag-i-induce ng immune response at nagpuprotekta sa mga tao na makakatanggap ng bakunang ito.

So ito po ang kailangang titingnan nating data. At kung sakali naman po na talagang very convincing, then we might consider giving an approval or an authorization for this vaccine to be used sa atin.

**SEC. ANDANAR:** So far, Doc, ano po ba iyong mga gamot na inaprubahan na po ng FDA na puwedeng pumasok sa bansa?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Iyon po para po sa COVID-19, wala pa po ano. Wala pa pong bakuna, wala pa rin pong gamot. Kasi ang mga gamot ngayon for COVID-19 ay talagang under investigation pa. Pinapayagan po natin sila sa Pilipinas bilang investigational drugs or for compassionate use drugs kagaya po ng mga Remdesivir, ito pong [unclear] or Avigan.

Sa bakuna naman po, wala pa ring bakuna na approved, hindi lang po sa Pilipinas kung hindi sa buong mundo. May emergency use approval sa China, parang dalawang bakuna po, at saka

sa Russia – iyon pong Sputnik. At mukha pong itong dalawang malaking [garbled] iyong Pfizer at AstraZeneca at iyong pangatlo iyong Moderna, baka po sa mga susunod na buwan ay magkuha na rin po ng emergency use authority sa US FDA. So iyon ang mga inaabangan natin.

**SEC. ANDANAR:** All right. Pakipaliwanag lang po, Doc., so mayroong tinatawag na emergency use approval, itong Sputnik na nabanggit ninyo at Pfizer at mayroon din iyong sa China, I think it's Sinovac. Pero ito po ba ay… ito ay emergency use approval sa China, hindi po sa Pilipinas?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Opo, sa bansa lamang po nila. Ito pong Sputnik, kumuha po siya sa Russia ng kaniyang emergency use approval at binigyan naman po siya ng gobyerno. Ito rin pong Sinovac at saka Sinopharm kumuha rin ng emergency use authority sa China, doon din po sa bansa nila.

So far, dito po sa atin, wala pa namang nag-a-apply at in fact humihingi pa rin po tayo kasi, Sec., pahintulot mula sa ating Pangulo na payagan niya ang FDA na magbigay ng emergency use authority for COVID-19 vaccine. At mukha namang… positive naman po ang reaksiyon ng Pangulo natin dito. So once mabigyan po tayo ng authority na mag-issue ng EUA, hopefully mayroon din po sigurong mag-a-apply sa atin ng mga naka-approve na po sa ibang bansa.

**SEC. ANDANAR:** So kailangan po ng approval ng Pangulo. Ano po iyong EUA? Ano po ang ibig sabihin noon, Doc?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Emergency Use Authority po ano. Like ito pong mga bakuna kasi na ito ay underdevelopment pa naman sila 'no; usually po ang development kasi ng bakuna ay mga pito o walong taon. Pero itong COVID-19 vaccine natin, mga anim na buwan pa lang po ang pinakamaagang umpisa ng clinical trial na ito. Pero kung ang isang bakuna naman po ay makita na talagang napakababa naman po ng kaniyang risk or adverse events at napaka-safe naman niya tapos nakita na mataas naman po iyong benefit niya or mataas iyong kaniyang efficacy or iyong [garbled] ng tao na puprotektahan, then kahit po underdevelopment pa, maaari na po silang humingi ng emergency use authority. Ito po ang binibigay ng US FDA, ng FDA sa China, sa Russia at sa ibang bansa.

Pero dito po sa atin sa Pilipinas, wala po kasi tayong ganiyan sa batas kaya nanghihingi po tayo ngayon ng isang authority from the President to grant the FDA the power to grant emergency use authority for these vaccines.

**SEC. ANDANAR:** [Garbled] malinaw po, sir. That is the news for the day. Aprubado na po ng US FDA ang paggamit ng COVID 19 test kits for home use. Posible bang aprubahan na rin ito sa bansa sa mga susunod na araw?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Opo. Ang mga test kits naman kasi ay hindi sila katulad ng bakuna, medyo low risk products naman ito at mayroon naman kasing gold standard na produkto na RT-PCR na maaaring gamitin to confirm. So, ang patakaran po natin dito sa FDA, kung hindi naman sa gamot or bakuna at ito ay mga test kit, kapag naman po naaprubahan sila nang FDA

counterpart natin, katulad po ng US FDA, kapag nag-apply po sila dito sa atin ng emergency, iyong special permit na tinatawag din po natin for COVID-19, mabilis naman po natin iyang pinapayagan.

**SEC. ANDANAR:** Ano ba ang role ng RITM naman pagdating sa pag-approve ng FDA sa mga gagamiting test kits sa bansa?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Ang RITM po, kasi ang pamahalaan itinalaga siya bilang reference laboratory for infectious diseases, so, kapag po may mga bagong test kit, may mga bago pong teknolohiya para sa pag-diagnose ng mga pasyenteng may sakit, sa RITM po natin ipinapa-test ito.

Pero siyempre po ang testing or validation ng RITM medyo mayroon pong panahon na kinakailangan iyan, mga ilang buwan po iyan. So, ang ginagawa po namin sa FDA kapag may nag-submit po sa amin for approval, tinitingnan na po namin iyong mga testing na ginawa nila sa ibang bansa at kung maganda naman ay ina-approve na natin.

Pagkatapos po, iniri-refer namin siya sa RITM para i-validate, para i-check kung iyong kini-claim po niya na reliability at saka accuracy ng test ay totoo at tama. At kapag maganda naman po ito at pumasa naman din po sa panuntunan ng FDA at saka ng RITM, then maaari po siyang bilhin na ng gobyerno at maaari pong gamitin para sa ating mga public health programs.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Doc Eric, bigyang-daan naman po natin ang mga katanungan ng ating kasamahan sa media. Ito po mga clarification lang po. Mula kay Joseph Morong ng GMA 7, ito po ang tanong niya: *Paki-explain daw po iyong emergency use authorization and, if and when this could apply to the Philippines?*

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** So, iyong emergency use authorization, ito po iyong ibinibigay na authorization ng FDA for a product to be used kahit na po under development pa siya. Ibig sabihin, ongoing pa po halimbawa iyong kaniyang clinical trial Phase 3, pero nakita doon sa maagang mga resulta na very beneficial siya at iyong risk ay mababa. So, ia-assess iyong risk–benefit ratio niya kung talagang para sa isang emergency or isang pandemic ay makakatulong ito, maaari siyang ibigay ng FDA kung ang FDA po ay pinapayagan ng mga batas ng kanilang mga bansa na magbigay ng EUA.

So, mga karamihan po ng bansa mayroon sa batas nila na ganoon. na maaari silang magbigay ng EUA. Kaya lang dito po sa Pilipinas kasi walang ganoon iyong FDA Law kaya ang hinihingi po namin ngayon at ginagawa po naman ay mukhang magkakaroon po tayo ng—[signal cut]

**USEC. IGNACIO:** Nawala sa linya ng komunikasyon natin si Dr. Eric Domingo. Dr. Eric? Try nating balikan si Dr. Eric kasi may mga tanong pa rin ang ating mga kasamahan. Mamaya kapag bumalik si Dr. Eric ay itatanong natin iyong iba pang tanong ni Joseph Morong at iyong tanong pa rin mula sa Manila Times.

Samantala, Mandatory Evacuation Center Bill, isinusulong ni Senator Bong Go. Narito po ang detalye.

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Okay. Samantala, balikan po natin si Dr. Eric Domingo. Doc Eric?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Hi, Usec. Rocky. Sorry po naputol ang aming koneksiyon.

**USEC. IGNACIO:** Paumahin din po. Ito po iyong ikalawang tanong mula pa rin kay Joseph Morong: *Does a vaccine with an EUA in their own country automatically have an EUA in the Philippines?*

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Hindi po automatic iyon kasi unang-una, iyong EUA eh particular to their country, so ibig sabihin may authority siya sa kaniyang bansa. So, mag-a-apply din po siya dito ng EUA, although siyempre po titingnan din naman natin probably iyong same evidence na kung ano iyong ipinakita nila doon sa bansa na kung saan sila nakakuha ng unang authority, isa-submit din dito pero additionally, kailangan maipakita rin po na iyong produktong iyon kapag dinala dito sa Pilipinas eh hindi magsa-suffer iyong kaniyang quality, iyong kaniyang efficacy at siyempre, gusto natin pong makakita ng datos na iyong bakuna na iyon eh magagamit din naman sa mga kalahi natin, mga Filipino or at least mga Asyano of similar genetic make-up to us.

**USEC. IGNACIO:** Ang third question pa rin po ni Joseph Morong: *Can a vaccine with an EUA in their own country be used here in the Philippines without FDA's or government EUA*?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Well, hindi po for, halimbawa po, hindi natin siya puwedeng gamitin for a public health program at hindi rin po siya maaaring iangkat dito at gamitin publicly sa Pilipinas dahil wala pa po siyang authorization for use in the Philippines

**USEC. IGNACIO:** Mula naman kay Red Mendoza ng Manila Times: A survey by YouGov said that 26% of Filipinos trust the Sputnik vaccine of Russia than the US or China made vaccines and that 55% of Filipinos know about the Gamaleya vaccine. Ano po ang reaksiyon ng FDA dito?

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Well, tayo po hinihintay nga po natin ang Gamaleya mukhang interested din po silang mag-clinical trial dito at wini-welcome po natin iyon at kung gusto naman po nilang magrehistro, tatanggapin naman po natin iyong application kasi mukhang ano naman… we really have to look at several vaccines dahil ito pong mga vaccine na ito kahit ma-approve, iyong production po nito hindi naman nila kayang mag-produce para sa buong mundo all at once. So, para po mabakunahan ang maraming Filipino, mukhang kailangan po talaga, maraming iba-ibang klaseng bakuna ang maging available dito sa atin.

**USEC. IGNACIO:** Mula pa rin po kay Red Mendoza: *US manufacturer Lucira said that they have developed a diagnostic COVID test that could be done at home. Is the FDA aware of this technology and development?*

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Oo, nakita natin iyan. Mayroon siyang maliit na kit pagkatapos saliva lamang ang kailangan at saka may makinang maliit para mabasa iyong resulta niya. Nabigyan na ito ng EUA sa US FDA, so kapag naman sila ay nag-register dito sa atin, madali naman po iyon at madali naman din silang ma-approve dito sa atin.

**USEC. IGNACIO:** Doc Eric, may pahabol po si Leila Salaverria ng Inquirer: *Ano daw po ang steps na ginawa ng FDA to get the President's permission to issue an emergency use authorization*? Sumulat *na po ba daw ang FDA sa Malacañang?*

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Well, sumulat po ang Secretary of Health. Of course, prinesent po muna namin sa Secretary of Health at saka kay Secretary Charlie Galvez, ang ating vaccine czar and they both endorsed it to the President.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Doc, kunin ko na lamang po ang inyong mensahe sa ating mga kababayan na isa po ako diyan sa mga umaasa na magkakaroon na po talaga tayo sa Pilipinas ng vaccine, Doc.

**FDA DIR. GEN. DOMINGO:** Opo. Ipinapaalala po muna natin unang-una, wala pa pong approved na vaccine para sa COVID-19 dito sa Pilipinas kaya kung may nakikita po kayo, huwag muna kayong maniniwala. Pero ginagawa naman po natin lahat ng paraan at pinaghahandaan na po natin ang possible entry ng mga tried and tested at saka safe and effective vaccines for COVID-19 and the FDA is working round the clock to make sure na kapag nagkaroon na po ng ganitong produkto at pumunta po sila dito sa atin eh bibilisan naman po natin ang assessment, evaluation and of course, make sure that they will be available as soon as possible without sacrificing the safety.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong oras, Doctor Eric Domingo ng FDA.

Sa pagbangon ng ating mga kababayan na naapektuhan ng Bagyong Ulysses, alamin natin ang mga inihandang programa ng kanilang ahensiya. Makakasama po natin si DOLE Undersecretary for Regional Operations Labor Standards and Special Concerns Cluster ng DOLE na si Undersecretary Ana Dione. Magandang araw po.

**DOLE USEC. DIONE:** Magandang araw naman, Usec. Rocky; magandang araw po, Sec. Andanar.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ma'am, naku eh marami pong nagtatanong kung ano po ang tulong na maaasahan ng mga naapektuhan po ng mga sunud-sunod na kalamidad mula po sa DOLE.

**DOLE USEC. DIONE:** Usec. Rocky, ang masasabi ko po, ang pinakauna po na binibigay nating tulong ay iyong ating tinatawag na programang emergency employment or TUPAD sa ating mga kababayan.

In short TUPAD, 'Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged at Displaced Workers.' So ito po iyong pinakauna, tapos kapag medyo lumuwag-luwag na po ay titingnan po natin iyong ating mga livelihood interventions, kung gaano naapektuhan iyong kanilang pangkabuhayan ay tutulong din po kaunti ang DOLE diyan. Iyan po iyong ating mga para sa informal sector. Para naman po sa formal sector, patuloy pa din po iyong ating adjustment measures program na financial assistance at iyong ating employment facilitation tuluy-tuloy din po iyan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ilan na po bang mga kababayan natin mula po sa Luzon at sa National Capital Region ang ating nabigyan ng emergency employment sa ilalim po ng TUPAD?

**DOLE USEC. DIONE:** Sa ating datos po ay mayroon na po tayong naasistahan/nabigyan ng tulong sa TUPAD 28,505, iyan po ay 30% na po ang natulungan natin as against iyong target po na 126,000 workers.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Eh, paano po pinabibilis ang pagbibigay ng tulong o assistance sa kanila?

**DOLE USEC. DIONE:** Ganito po, nag-hire na po tayo ng mga job orders or emergency workers para po tumulong sa ating mga regular workers para maproseso ang mga kailangang papeles para po mapabilis ang pagbibigay ng tulong. Isa pa po ay may direktiba po ang ating mahal na Kalihim na direct implementation – ibig pong sabihin DOLE na po ang karamihan na mag-i-implement, magbabayad para po sa mga suweldo ng mga taong na-involve or na-hire po dito sa ating emergency employment.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., may patanong lang po si Jam Punzalan ng ABS-CBN ano po. Ang tanong po niya: Ano po iyong update ng DOLE na dialogue with the Food Panda riders decrying alleged decreased pay irregularities?

**DOLE USEC. DIONE:** Iyan po ay naibigay na po natin sa ating NCR Regional Director at sa aking pagkakaalam ay nagkakaroon na po sila ng conference, scheduled conference at tinututukan po iyan ng ating NCR Regional Office.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Bukod po sa TUPAD, ano pa pong mga programa ng DOLE iyong ating inihahanda para tulungan po ang ating mga kababayan?

**DOLE USEC. DIONE:** Katulad po ng sinabi ko, mayroon po tayong livelihood – iyan po ay pagkatapos konti nang paghupa ng mga baha, nagkakaroon ng assessment at kung may naapektuhan or ano ang naapektuhan sa kanilang existing na livelihood, tutulong po tayo diyan. Tapos doon nga po sa informal sector, iyon pong sa CAMP at saka iyong iba't ibang livelihood program ng mga LGUs na puwede tayong makipag-coordinate.

Sa ngayon po, katulad ngayon namimigay po tayo ng freebies, iyong bisikleta po, libreng bisikleta para sa mga manggagawa na mag-deliver, mag-deliver po ng mga pagkain na inu-order at kinu-coordinate po iyan sa mga formal establishments. Halimbawa po katulad ng Grab for food delivery. Isa pa po iyong marami po tayong mga ginagawang order para po sa mga bangka, iyong mga fiberglass ng ating mga fisherfolks na naapektuhan, iyan po ang currently pinagkakaabalahan po natin para po makatulong sa ating mga naapektuhan na manggagawa.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., sabi ninyo po kanina ay nagsasagawa pa ng assessment para po sa mga naapektuhan ng mga kalamidad ano po. Mga hanggang kailan po itong assessment at magpapalabas po ba kayo ng guidelines kung papaano po iyong proseso ng kailangang kumuha ng tulong o magiging benepisyaryo ng programa ninyo?

**DOLE USEC. DIONE:** Iyong assessment ongoing iyan. Siguro in a week's time madi-determine na natin kasi halimbawa po katulad sa Region II, humupa or nagki-cleaning-cleaning pa po sila ngayon so hindi pa po natin malalaman kung sinu-sino at gaano ang epekto, pero iyong ating TUPAD ongoing na rin po iyan.

Papaano po sila maka-access? Simple lamang po, makipag-ugnayan po sila sa ating pinakamalapit na regional offices – be it regional or provincial or field offices. Pagkatapos iyong isa pong pamamaraan, lumapit po kayo sa ating local government units through iyong opisina po doon, iyong tinatawag natin na PESO, Public Employment Service Office. May mga tao po diyan na nakatalaga upang mag-entertain po at kumuha ng inyong mga concerns tungkol po sa mga programa ng Department of Labor. From there po ay maiku-connect na po nila kayo sa Department of Labor and Employment.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kumusta naman po Usec. iyong kalagayan ng inyong mga kasamahan sa DOLE regional offices? Paano rin po natin sila tinutulungan ngayon?

**DOLE USEC. DIONE:** Ah yes, Usec. Rocky. Una po ay minu-monitor iyan, continuous monitoring po ng ating mga regional directors ang katayuan. So medyo may idea na po kami kung ano iyong itsura or the extent ng apektadong mga empleyado ng DOLE at nagiging lenient po sila sa pagpasok nila sa trabaho habang inaayos or nililinis ang kanilang mga kabahayan. Pagkatapos iyong iba po ay ina-allow na mag-avail ng calamity leave. So iyon po 'yung mga unang ginagawa natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., may bilang ba o datos po kayo ng mga kawani ng DOLE na naapektuhan po ng mga kalamidad? Dito sa DOLE po mismo.

**DOLE USEC. DIONE:** Usec. Rocky, ang pinakamarami naming data ay nasa Region II actually. Mga… say 100 po, mga 100 employees iyong naapektuhan ang bahay na pumasok iyong tubig pero sa awa ng Diyos po naman ay hindi ho iyong pinakamataas. Ang balita po sa amin, ang report po ay para ng hanggang ankle iyong iba, hanggang tuhod iyong iba so sa ngayon po about 100 employees ng Region II.

Sa ibang rehiyon hindi kami masyadong naka—wala masyadong reported na affected employees. Ang Region IV-A mga dalawa lamang po at iyong ibang regions like Region I, CAR, V wala po, wala po silang reported na affected employees.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Usec., kung may mga katanungan po ang ating mga kababayan, ang ating mga manggagawa, saan po at paano po nila kayo maku-contact?

**DOLE USEC. DIONE:** Ang pinakamalapit po talaga ay sa ating iba't ibang regional offices. Iyan po iyong iniisip ko na 'how', papaano po kasi kung dito po sa Central Office medyo malayo-layo na po iyan. Please get in touch with our regional offices po.

**USEC. IGNACIO:** Available naman po ang ating mga regional offices po o operational po, Usec.?

**DOLE USEC. DIONE:** Yes po, Usec. Rocky. Operational po sila lahat, operational po.

**USEC. IGNACIO:** Okay, maraming salamat po. Ano na lamang po ang inyong mensahe sa ating mga manggagawang Pilipino?

**DOLE USEC. DIONE:** Ah, okay. Tulad ng dati, ang palagi ko pong sinasabi sa ating mga manggagawa – exercise or i-exercise po natin ang patience. Sa tulong po, kung papaano mag-access, dalawa lamang po ang aming ini-emphasize: pumunta po kayo sa DOLE regional offices, region or provincial or field offices pinakamalapit sa inyo at ang pangalawa po ay pumunta po kayo sa ating mga Public Employment Service Offices na nandiyan po all over the country, doon po sa office ng mga mayors, governors natin.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, Usec. Ana Dione ng DOLE.

**DOLE USEC. DIONE:** Thank you din po.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, mahigit isanlibo at animnaraang pamilya ang nakatanggap ng tulong mula sa pamahalaan at sa tanggapan ni Senator Bong Go; mga umuwing Overseas Filipino Workers sa Probinsya ng Quezon nakatanggap din ng tulong. Narito po ang detalye:

(NEWS REPORTING)

**SEC. ANDANAR:** Sa puntong ito ay dumako naman tayo sa pinakahuling ulat mula sa iba pang lalawigan sa bansa. Makakasama natin si Czarinah Lusuegro Lim mula sa Philippine Broadcasting Service.

(NEWS REPORTING)

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat Czarinah Lusuegro Lim.

**USEC IGNACIO:** At upang maghatid ng update sa Cordillera, puntahan natin si PTV correspondent Breves Bulsao.

(NEWS REPORTING)

**USEC IGNACIO:** Maraming salamat Breves Bulsao.

**SEC. ANDANAR:** Para naman alamin ang sitwasyon sa Cebu. May report si John Aroa.

(NEWS REPORTING)

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat, John Aroa.

**USEC IGNACIO:** At upang maghatid ng ulat mula sa PTV-Davao, puntahan natin si Regine Lanuza.

(NEWS REPORTING)

**USEC IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo Regine Lanuza, ng PTV-Davao. Samantala, upang bigyang daan ang hatid tulong program na layong mapauwi ang mga na-stranded sa Maynila dahil sa umiiral na community quarantine ay pansamantala munang ipinagpaliban ang Balik Probinsiya, Bagong Pag-asa Program. Para sa iba pang detalye, panoorin po natin ito: [VTR]

**USEC IGNACIO:** Dumako naman tayo sa update kaugnay sa COVID-19 cases sa buong bansa. Base po sa tala ng Department of Health as of November 18, 2020, naitala ang 1,383 newly reported COVID-19 cases, kaya naman ang total number of confirmed cases ngayon sa bansa ay 412, 097. Naitala rin kahapon ang 95 na katao po na nasawi, kaya umabot na sa 7,957 ang kabuuang bilang ng COVID-19 deaths sa ating bansa. Ngunit, patuloy rin ang pagdami ng mga nakaka-recover na umakyat sa 374, 666 with 143 new recoveries recorded as of yesterday. Ang kabuuang total ng ating active cases ay 29, 474.

Patuloy po tayong magtulungan na masugpo ang COVID-19 sa pamamagitan po ng pagsasailalim sa COVID-29 test kung kinakailangan, at siyempre katuwang pa rin natin dito ang Philippine Red Cross. Kung nais po ninyong magpa-swab test sa Red Cross. Narito po ang hakbang na dapat ninyong gawin: [VTR]

**SEC. ANDANAR:** Sa gitna ng bawat kalamidad na ating kinakaharap, ang unang peligro ay matapang nilang susuungin, mailigtas ang buhay ng bawat isa. Ang kanilang kabayanihan ay talagang hindi naman matatawaran at sa kanilang bawat pagdating, pag-asa ang kanilang hatid. Sila po ang ating mga magigiting na rescuers, panoorin po natin ito: [VTR]

**USEC IGNACIO:** Maraming salamat po sa ating mga Filipino rescuers. Samantala sinusubukan po nating kontakin si Isabela Governor Rodito Albano III, subalit sa kasalukuyan po, ito ay naglilibot sa probinsiya upang ipaabot ang tulong sa ating mga kababayang nandoon.

**SEC. ANDANAR:** At iyan nga po ang mga balitang aming nakalap ngayong araw. Maraming salamat sa mga naglaan ng kani-kanilang oras, pagbibigay linaw sa mga impormasyon na mahalagang malaman ng ating mga kababayan.

**USEC IGNACIO:** Ang public briefing ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office, sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Broadcaster ng Pilipinas o KBP.

**SEC. ANDANAR:** Asahan po ninyo ang aming patuloy na pagbibigay impormasyon kaugnay sa mga updates sa ating paglaban sa COVID-19 pandemic o anumang sakuna. Maraming salamat din po sa Filipino Sign Language Access Team for COVID-19.

**USEC IGNACIO:** Samantala, mga kababayan, Secretary Martin, 36 days na lamang po Pasko na. Bagama't patuloy pa rin ang pagharap natin sa krisis na dulot ng COVID-19, lagi nating tandaan na ang pagmamahal at pagtutulungan sa kapwa ay ang tunay na diwa ng Pasko. Ako po si Usec. Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Mula sa PCOO, ako naman po si Secretary Martin Andanar, magkita-kita po tayo bukas dito lang sa public briefing #LagingHandaPH

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)